# *Ang Katapatan at Pasasalamat ay Ginantimpalaan Yugto 2*

***"11 At nangyari, na samantalang sila'y napapatungo sa Jerusalem, na siya'y nagdaraan sa mga hangganan ng Samaria at Galilea. 12 At sa pagpasok niya sa isang nayon, ay sinalubong siya ng sangpung lalaking ketongin, na nagsitigil sa malayo: 13 At sila'y nagsisigaw na nagsisipagsabi, Jesus, Guro, maawa ka sa amin. 14 At pagkakita niya sa kanila, ay sinabi niya sa kanila, Magsihayo kayo at kayo'y pakita sa mga saserdote. At nangyari, na samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila. 15 At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling, ay nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig; 16At siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na nagpapasalamat sa kaniya: at siya'y isang Samaritano. 17 At pagsagot ni Jesus ay nagsabi, Hindi baga sangpu ang nagsilinis? datapuwa't saan nangaroon ang siyam? 18 Walang nagbalik upang lumuwalhati sa Dios, kundi itong taga ibang lupa? 19 At sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya." (Lucas 17:11-19)***

Ang Diyos sa bawat araw ay gumagawa sa atin ng mga dakila at kamangha-manghang bagay sa ating buhay. Sa araw-araw na paggising mo sa umaga ang Diyos ay may ginawa nang himala sa iyong buhay. Minsan nakikita mo ito sa iyong paningin at minsan hindi mo ito nakikita ngunit natatanggap mo iyon sa pamamagitan ng iyong pananampalataya sa Pangioon at sa iyong pagtitiwala sa Kanyang dakilang kapangyarihan. Kaya't ang pagpili na maging tapat sa Panginoon isang bagay na kailangan nating kupkopin sapagkat ang Diyos ay palaging may ginagawa sa ating buhay at ang Kanyang biyaya ay napasagana at yaon ang pumipilit sa atin upang maging tapat sa Kanya.

Ngayon kung pipiliin nating maging tapat sa Panginoon sa gayon tayo ay magiging mas mapalad. Ang katapatan patungo sa Panginoon ay isang positibong pampatibay para sa atin upang kilalanin pa ang Kanyang kapanyarihan at matamasa pa ng higit ang Kanyang mga pagpapala sa ating buhay. Ang katapatan patungo sa Panginoon ay dapat nating gamitin sa ating bilang paraan ng pamumuhay, pagbatid, pagkilala at katiyakan na ang Panginoon ay tapat at gagantimpalaan Niya tayo para sa lahat ng ating katapatan patungo sa Kanya. Ang Panginoon ay nakita kung paanong tumugon ang ketonging lalaki iyon sa Kanyang biyaya at samakatuwid ginantimpalaan Niya siya at idinagdag pa ang maraming mga pagpapala sa kanyang buhay nang sinabi Niya sa kanya***, "19*** At ***sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya." (Lucas 17:19)***

***A. Magtindig:*** Pinahintulan ni Jesus na patayuin sa lupa ang ketonging lalaking iyon. Ang salitang 'Magtindig', dito ito'y nanganghulugang na ang Panginoon ay itinalaga ang taong ito at pinahintulutan siyang maging Kanyang alagad. Ganon din sa atin ngayon, habang ang Diyos ay gumagawa ng dakilang himala at pabor sa ating buhay at tayo ay tapat na tumutugon sa Kanya, sa gayon ang dakilang gawain at pagpapahid ng Panginoon ay kikilos sa ating buhay; ang salitang "***Magtindig',*** ay umahon mula sa kahinaan patungko sa kapangyarihan. Mayroon tayong magandang halimbawa mula sa Bibliya: Sinabi ni Balaam kay Balaak ang mga sumusunod na nagpatawag sa kanya upang sumpain ang bayan ng Diyos, sinaabi niya sa kanya ang sumusunod tungkol sa matapat na bayan ng Diyos, ***"20 Narito, ako'y tumanggap ng utos na magpala: At kaniyang pinagpala, at hindi ko na mababago.21 Wala siyang nakitang kasamaan sa Jacob, Ni wala siyang nakitang kasamaan sa Israel: Ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kaniya, At ang sigaw ng hari ay nasa gitna nila. 22 Dios ang naglalabas sa kanila sa Egipto; Siya'y may lakas na gaya ng mabangis na toro.23 Tunay na walang enkanto laban sa Jacob, Ni panghuhula laban sa Israel: Ngayo'y sasabihin tungkol sa Jacob at sa Israel, Anong ginawa ng Dios! 24 Narito, ang bayan ay tumitindig na parang isang leong babae, At parang isang leon na nagpakataas: Siya'y hindi mahihiga hanggang sa makakain ng huli, At makainom ng dugo ng napatay." (Bilang 23:20-24)*** Habang napatunayan natin ang ating katapatan patungo sa Panginoon, Ang Kanyang pagpapahid ay mangunguna sa atin at lalabanan ang lahat ng masasamang pwersa na maaring isulong ng ating mga kaaway at ni Satanas laban sa atin. Tayo'y parang magiging mga leon para sa Panginoon bumangon at matagumpay na haharap sa mga kaaway. Sa pagpapahid ni Jesus ating malalabanan ang mga pangkukulam, pagsasabwatan at lahat ng politika at mnipulasyon ng tao at demony. Kaya nga kailangan nating maging tapat sa Panginoon Jesus para makatanggap tayo ng ganoong kapangyarihan. Gaya ng sinabi ni Jesus: ***"19 Narito, binigyan ko kayo ng kapamahalaan na inyong yurakan ang mga ahas at ang mga alakdan, at sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng kaaway: at sa anomang paraa'y hindi kayo maaano." (Lucas 10:19)*** Gaya ng sinabi ni Pablo: ***"20 At si Satanas ay dudurugin ng Dios ng kapayapaan sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa. Ang biyaya nawa ng ating Panginoong Jesucristo ay sumainyo." (Roma 16:20)*** Ibibigay lamang ni Jesus ang ganoong kapangyarihan at mga pribilihiyo sa matatapat. Kaya naman habang tayo'y nagtitiis na maging tapat gagawin ng Diyos sa atin na tumayo at sumulong at durugin ang kapangyarihan ng kaaway gaya ng ating babasahin dito, ***"8 Sila'y nangakasubsob at buwal: nguni't kami ay nakatindig at nakatayo na matuwid." (Awit 20:8)***

Ang salitang ***"Magtindig"*** ito'y nangangahulugang lumabas mula sa pagtatago para harapin ang kaaway gamit ang mga taktika at mahusay na paraan ng Panginoon gaya ng ating mababasa sa iniutos ng Diyos kay Joshue kung paano niya sakupin ang lungsod ng Ai: ***"1 At sinabi ng Panginoon kay Josue, Huwag kang matakot, ni***

***manglumo: ipagsama mo ang buong bayang pangdigma, at bumangon ka, na sumampa ka sa Hai: tingnan mo, aking ibinigay sa iyong kamay ang hari sa Hai, at ang kaniyang bayan, at ang kaniyang siyudad, at ang kaniyang lupain; 2At iyong gagawin sa Hai at sa kaniyang hari ang gaya ng iyong ginawa sa Jerico at sa kaniyang hari: ang samsam lamang doon, at ang mga hayop niyaon, ang iyong kukunin na pinakasamsam ninyo: lagyan mo ng mga bakay ang bayan sa likuran.3 Sa gayo'y bumangon si Josue, at ang buong bayang pangdigma, upang sumampa sa Hai: at pumili si Josue ng tatlong pung libong lalake, na mga makapangyarihang lalaking matapang, at sinugo ng kinagabihan. 4At iniutos niya sa kanila, na sinasabi, Narito, kayo'y babakay laban sa bayan, sa likuran ng bayan: huwag kayong lumayong totoo sa bayan kundi humanda kayo; 5At ako, at ang buong bayan na kasama ko ay lalapit sa bayan. At mangyayari, na pagka sila'y lumabas laban sa amin gaya ng una, ay tatakas kami sa harap nila; 6At sila'y lalabas na susunod sa amin, hanggang sa aming mailayo sila sa bayan, sapagka't kanilang sasabihin, Sila'y tumatakas sa harap natin, na gaya ng una; gayon kami tatakas sa harap nila:7 At kayo'y babangon sa pagbakay, at inyong aariin ang bayan: sapagka't ibibigay ng Panginoon ninyong Dios sa inyong kamay." (Joshue 8:1-7)*** Kaya tayo ay bumangon mula sa ating kinalalagyan ngayon ng may mahusay na paraan ng Panginoon na kailangan natin, at angkinin ang ipagkakatiwala ng Panginoon sa atin mula sa mga ministerio at larangan ng pag-aani.

Ang saling ***"Magtindig"*** mula sa bibig ng Panginoon ito'y nagbibigay ng kalakasan at ng katapangan upang harapin ang kasalanan at kasamaan. Yaon ang nangyari sa panahon ni Ezra nang pinagawa sa kanya ng Diyos na harapin ang isyu ng hindi matatapat na mga Israelita sa pag-aasawa sa hindi mga mananampalataya: ***"1 Habang si Ezra nga ay dumadalangin, at nagpapahayag ng kasalanan na umiiyak at nagpapatirapa sa harap ng bahay ng Dios, nagpipisan sa kaniya mula sa Israel ang isang napakalaking kapisanan ng mga lalake at mga babae at mga bata: sapagka't ang bayan ay umiyak na mainam. 2At si Sechanias na anak ni Jehiel, na isa sa mga anak ni Elam, ay sumagot at nagsabi kay Ezra: Kami ay nagsisalangsang laban sa ating Dios, at nangagasawa sa mga babaing taga ibang bayan ng lupain: gayon man, may pagasa sa Israel tungkol sa bagay na ito. 3Ngayon nga'y mangakipagtipan tayo sa ating Dios, na ating ihiwalay ang lahat na asawa, at ang mga ipinanganak nila, ayon sa payo ng aking panginoon, at niyaong mga nanginginig sa utos ng ating Dios; at gawin ayon sa kautusan.4 Bumangon ka: sapagka't bagay na ukol sa iyo, at kami ay sumasaiyo: magpakatapang kang mabuti, at iyong gawin.5 Nang magkagayo'y tumindig si Ezra at pinasumpa ang mga puno ng mga saserdote, ang mga Levita at ang buong Israel, na kanilang gagawin ayon sa salitang ito. Sa gayo'y sumumpa sila." (Ezra 10:1-5)*** Habang ating ipinapakita ang ating katapatan sa Diyos bibigyang-daan Niya tayo at bibigyan tayo ng katapatan upang harapin ang kasalanan at harapin ang kasamaan at ang isyu ng labag sa batas ng pag-aasawa.

"***Ikaw ay bumangon, sumilang ka: sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo." (Isaiah 60:1)*** Sa ating pagsunod at pagpapakita ng iyong katapatan patungo sa Panginoon ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay puspusin ka at itatalaga ka upang gawin ang gawain ng Diyos at kamitin ang Kanyang kalooban.

***B. "Yumaon":*** Ang katapatan ng ketonging lalaki na bumalik sa Panginoon ay ginawa niya ang kalooban ng Diyos. Ang kanyang pagkilos at pag-uugali ay sinang-ayunan ng Panginoon at siya ay ginantimpalaan ng Panginoon na nag-utos sa kanya upang magtindig at pumaroon upang kamitin ang kalooban at gawain ng Diyos. Ang salitang ***"Yumaon"*** ay matatagpuan sa sumusunod na mga bagay at mapagkukunan ng Bibliya:-

***1. "15 At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.16 Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16: 15-16)*** Ipinadala ng Panginoon ang ketongin sa larangan ng misyon nang may suporta at pagsang-ayon dahil ang mga taong iyon na may gayong higit na mapagpasalamat na saloobin ay maaring magpahayag ng tamang mensahe: * Ang biyaya ng Diyos sa sanglibutan ay dapat tanggapin nang may pagsisisi. * Yaong mga tapat at nagpakita ng saloobin ng pagsisisi sila ay ang tamang mga tao upang pumaroon at upang ipahayag ang tamang mensahe sa nawawala. Dahil ang mga taong iyon ay paroroon at sasabihin sa iba ang lahat ng mabubuting bagay na ginawa ng Panginoon at turuan sila kung anong kanilang kailangang gawin. Makakapunta sila sa buong sanglibutan sapagkat sila'y may kapangyarihan mula sa Panginoon na ginawa silang pumaroon at gawin ang Kanyang gawain.

***2. "1 Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ang Panginoon ay naghalal ng pitongpu pa, at sila'y sinugong daladalawa, sa unahan ng kaniyang mukha, sa bawa't bayan at dako na kaniyang paroroonan. 2At sinabi niya sa kanila, Sa katotohana'y marami ang aanihin, datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa: kaya't idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin. 3Magsiyaon kayo sa iyong lakad; narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga kordero sa gitna ng mga lobo. 4Huwag kayong magsipagdala ng supot ng salapi, ng supot man ng pagkain, ng mga pangyapak man; at huwag kayong magsibati kanino mang tao sa daan. 5At sa alin mang bahay na inyong pasukin, ay sabihin ninyo muna, Kapayapaan nawa sa bahay na ito. 6At kung mayroon doong anak ng kapayapaan, ang inyong kapayapaa'y mananatili sa kaniya: datapuwa't kung wala, ay babalik ito sa inyong muli. 7At magsipanatili***

***kayo sa bahay ding yaon, na kanin at inumin ninyo ang mga bagay na kanilang ibigay: sapagka't ang manggagawa ay marapat sa kaniyang kaupahan. Huwag kayong mangagpalipatlipat sa bahaybahay. 8At sa alin mang bayan na iyong pasukin, at kayo'y kanilang tanggapin, ay kanin ninyo ang mga bagay na ihain sa inyo: 9At pagalingin ninyo ang mga maysakit na nangaroon, at sabihin ninyo sa kanila, Lumapit na sa inyo ang kaharian ng Dios. 10Datapuwa't sa alin mang bayan na inyong pasukin, at hindi kayo tanggapin, magsilabas kayo sa kanilang mga lansangan at inyong sabihin, 11Pati ng alabok ng inyong bayan na kumakapit sa aming paa, ay ipinapagpag namin laban sa inyo: gayon ma'y inyong talastasin ito, na lumapit na ang kaharian ng Dios. 12Sinasabi ko sa inyo, Sa araw na yaon ay higit na mapagpapaumanhinan ang Sodoma kay sa bayang yaon13 Sa aba mo, Corazin! sa aba mo, Betsaida! sapagka't kung sa Tiro at sa Sidon sana ginawa ang mga gawang makapangyarihang ginawa sa inyo, ay maluwat na dising nangagsisi, na nangauupong may kayong magaspang at abo. 14Datapuwa't sa paghuhukom, higit na mapagpapaumanhinan ang Tiro at Sidon, kay sa inyo. 15At ikaw, Capernaum, magpapakataas ka hanggang sa langit? ikaw ay ibaba hanggang sa Hades.16 Ang nakikinig sa inyo, ay sa akin nakikinig; at ang nagtatakuwil sa inyo ay ako ang itinatakuwil; at ang nagtatakuwil sa akin ay itinatakuwil ang sa aki'y nagsugo." (Lucas 10:1-16)*** Habang tinawag ng Panginoon ang pitumpu sa kanyang mga disipulo at binigyan sila ng kapangyarihan at ipinadala sila sa larangan ng misyon, ipapadala ng Panginoon ang lahat ng tapat sa Kanya sa larangan ng misyon upang pumaroon at magebanghelyo at gawing mga disipolo.

***3. "19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20)*** Ipinadala ng Panginoon ang Kanyang mga alagad, yaong mga tunay na mga tagasunod at tapat sa Kanya na pumaroon at gawin mga alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila at ituro sa kanila na ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ng Panginoon.

***C. "pinagaling ka ng iyong pananampalataya.":*** Ang sampung ketongin lahat sila ay nakatanggap ng kagalingan mula sa Panginoon, sa gayon ano ang kaibahan sa pagitan ng siyam na ketongin at sa isa na bumalik sa Panginoon? Ang siyam ay nakatanggap ng pisikal na kagalingan ngunit sila'y hindi magaling sa espirituwal. Samantalang ang isa na nagbalik siya ay gumaling sa pisikal at siya magaling na sa espirituwal. Ang praktikal na pagkakaiba ng mga tapat sa mga hindi tapat sa Panginoon ay ang sumusnod:

***I. Sa mga hindi tapat sa Panginoon:*** natatanggap nila ang materyal at kahit sa espirituwal na mga pagpapala mula sa Panginoon kapag sila'y nasa pagkabalisa at ang Panginoon ay patuloy na sinagot ang kanilang mga panalangin sa isang malawak na paraan. Ngunit dahil sila'y hindi tapat ang Panginoon ay hindi sumasakanila sa kanilang buhay. Sa gayon kapag sila'y nahaharap sa susunod na suliranin sa kanilang buhay sila'y mahuhulog at mababalisa at hindi kayang pangasiwaan. Kaya't paminsan-minsan ay natatagpuan mo ang sumusunod sa kanila: Ang isang problema ay nalutas pagkatapos lamang ng isang maikling panahon ay nahulog sila sa isa pang problema at hindi na nila mapangasiwaan. Bakit ito nangyayari sa kanilang buhay? Dahil gusto ng Diyos na sila ay tunay na manumbalik sa Kanya sa pagsisisi at hindi lamang lumapit sila sa Panginoon upang makakuha ng materyal na mga pagpapala, o sila'y lalapit sa Kanya para sa mabilis na kaginhawaan ng kanilang mga suliranin.

***II. Habang ang mga tapat at yaong mga tumutugon nang may pagsang-ayon sa mga pagpapala ng Diyos sa kanilang buhay ay nagtagumpay sila sa buhay habang sila ay lumalakad kasama ng Diyos:*** Yaong mga tapat sa Panginoon sila ay lalakad sa kalakasan hanggang sa kalakasan, mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatin at mula sa katagumpayan hanggang sa katagumpayan.. Kaya nilang tiisin ang mga pagsubok at paghihirap dahil sila'y sinang-ayunan at inilalayan ng Panginoon. Ang katapatan ay tunay na garantiya para sa hinaharap at kakayahang harapin ang mga pagsubok at mamuhay nang matagumpay sa buhay.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Nang pinagaling ng Panginoon ang sampung lalaking ketongin, hindi sinabi sa kanila na bumalik, hindi sinabi sa kanila na lumuhod sa Kanya, hindi sinabi sa kanila na lumapit at maglingkod sa Kanya, hindi sinabi sa kanila na magpasalamat sa Kanya, ngunit siya ay naghihintay sa kanila na gawin ang lahat ng mga ganoon ng kusang-loob. Yaong bumalik, walang nagsabi sa kanya na gawin o nagturo o nagpapaalala sa kanya na gawin ang kanyang ginawa. Sa parehong paraan, nais ng Diyos na gawin mo ang lahat ng iyon ng kusang-loob, nang may kagustuhan at nang may kagakalan.

Maging matapat hanggang sa huli patungo sa Panginoon, para sa iyong katapatan ay gagantimpalaan ng lubos ng Diyos. Ang Panginoon ang magtuturo at magbibigay-daan s aiyo upang sumulong at harapin ang mga pagsubok at makamit ang mga tagumpay sa buhay dahil Siya ay palaging kasama ng mga tapat at masunurin sa Kanya gaya ng iyong pag-ayon na manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan upang bigyan ako ng walang*

*hanggang buhay at buhay na ganap. Panginoon salamat sa iyong Salita ng pagtutuwid at sa pagtuturo na aking natanggap sa mensaheng ito.*

*Ating ipagtapat at talikdan ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Talikdan ang kasalanan ng kawalan ng pangako, kawalan ng takot sa Diyos, ang walang katapatan, pagsuway at walang kagustuhang maglingkod sa Panginoon, atbp. Panginoon aking ipinagtapat at talikdan ang sumusunod na mga kasalanan.* ______________________________________________________________________.

*Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na lumakad sa paraan sa nais mong lakaran ko. Panginoon narito "Ako', sa iyong pagtatalaga, gamitin moa ko at ipadala para sa iyong kaluwalhatian na abutin ang nawawala. Bigyana ko ng higit pang mga kaloob at pagpapahid upang maging mas epektibo sa aking paglilingkod sa iyo. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na linangin ang lahat na bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, pagtitiyaga, pagpipigil sa sarili, mahabang pagtitiis, upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para saking mga kapatiran na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo at mga simulain na aming natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon puspusin kami ng iyong Banal na Espiritu, pahiran sila, at bigyang kapangyarihan silang magpatuloy at maglingkod sa iyo at magpatuloy sa iyong kalooban, upang magebanghelyo at abutin ang mga nawawala.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan; tulungan kaming pumaroon at magebanghelyo sa pagabot sa bagong bayan at pagtatanim ng Bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tulungan kaming tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan nang may pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Katapatan at Pasasalamat ay Ginantimpalaan Yugto 2, Lucas 17:11-19. Bilang 23:20-24. Lucas 10:19. Roma 16:20. Awit 20:8. Joshue 8:1-7. Ezra 10:1-5. Isaiah 60:1. Marcos 16:15-16. Lucas 10:1-6. Mateo 28:19-20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com